ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# ESTILO NG GURO SA PAGTUTURO SA PAKIKILAHOK NG MGA MAG-AARAL NG BSED FILIPINO NG KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE SCIENCES AND TECHNOLOGY

**Lovely Joy L. Tejada[1], Linagyn A. Gementiza-Cubio, LPT[2]**
*[1]Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
*[2]Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19837
**DOI No: 10.36713/epra19837**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang ugnayan ng estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral na kabilang sa BSEd Filipino ng KCAST. Sa pagpapatibay at pagsakatuparan ng pag-aaral, ito ay ginamitan ng kwantitatibong disenyo sa deskripsyong korelasyunal na pamamaraan. Ang mga piniling respondente na mag-aaral ay pawang nasa una hanggang ikaapat na taon na naka-enrol sa pangalawang semestre na may kursong BSEd Filipino na may naitalang sampol na 177 na mag-aaral na siyang naging respondente. Base sa naging resulta, natuklasan na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may katamtamang antas at ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagpapahalaga bilang mga mag-aaral. Napatunayan na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa gayong dahilan, ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral ay may makabuluhang ugnayan sa antas ng kanilang pag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA:** *Estilo ng Guro sa Pagtuturo, Pakikilahok ng mga mag-aaral, BSEd Filipino*

## INTRODUKSYON

Ang pananaliksik na ito ay nais maglahad ng koneksyon ng estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang edukasyon, ang suliranin ng pagpapalakas ng pakikisangkot ay malalim na naapektuhan ng mga estilo sa pagtuturo. Ang koneksyon ng mga tao ay mahalaga sa pagpapalakas ng pakikilahok at tagumpay. Ang mga makabuluhang koneksyon ng mga mag-aaral at kanilang mga guro, gayundin sa kanilang kapwa mag-aaral, ay mahalagang salik sa paglikha ng kapaligirang nakakapagpabuti ng pag-aaral at personal na pag-unlad. Kapag may malalim na koneksyon sa kanilang mga guro, mas masigla, aktibong nakikilahok, at mas determinado sa pagtupad ng kanilang mga layunin sa edukasyon (Felten, 2019).

Sa bansang Pakistan, nakitaan ng mababang antas, mahina at negatibong koneksyon ng akademikong pakikilahok at tagumpay. Ang nasabing pagsusuri ay nakikitaan din ng antas sa pag-aangkat na lalaki at babae, ngunit ang pagkakaiba sa pag-aangkat sa akademikong pakikilahok ng babae at lalaki. Nakitaan ng diskriminasyon sa klase na kung saan mas mataas ang babae kaysa lalaki. Ang posibleng dahilan sa likod nito ay maaaring ang kilos ng mga guro o mga estratehiya sa pagtuturo.ng antas ng partisipasyon o akademikong pakikilahok ng mga babae sa mga lalaki (Abid & Akhtar, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa Samal, isang pananaliksik ang isinagawa na nagpakita ng mababang antas ng pakikilahok ng mga bata. Ito ay sumuri sa limang pangunahing indikador, nagresulta sa mababang mean score. Lumabas na bihira ang positibong koneksyon ng guro at mag-aaral, mahina na koneksyon sa gawaing pang-akademiko, kulang ang suporta mula sa kapwa mag-aaral at pamilya, at mababa ang kanilang mga layunin at inspirasyon para sa hinaharap. Ang mga natuklasan nababago sa pamamaraan ng pagtuturo, mas malakas na suporta mula sa pamilya, at pagpapalakas ng mga mithiin at aspirasyon ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang pagganap at makamit ang tagumpay sa kanilang akademikong landas (Fuertes et al., 2023).

Ang pagsusuri sa impluwensya ng estilo ng pagtuturo sa pakikilahok ay mahalaga upang matugunan ang pangunahing isyu sa edukasyon at mapalakas ang kanilang tagumpay. Sa pag-unawa sa epekto ng estilo ng pagtuturo sa aktibong pakikilahok, maaaring maiangkop ang estratehiya sa pagtuturo para mas epektibong matugunan ang kanilang pangangailangan at kagustuhan sa pag-aaral. Bukod dito, ang paglikha ng isang kapaligirang pang-edukasyon na sumusuporta sa pag-unlad at tagumpay ay maaaring magbigay-daan sa pagbuo ng mga kasanayan at kakayahang kinakailangan.

Sa kasalukuyan, wala pang lokal na pag-aaral na direktang tumutukoy sa impluwensya ng estilo ng pagtuturo ng mga guro sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa programang BSEd Filipino. Bagamat may mga pananaliksik tulad nina Terrenghi et al. (2019) na nagpapakita na ang ESL ay mahalagang paraan na mapataas ang hilig at pakikilahok sa proseso ng pagkatuto, at sina Fredricks et al. (2004) at Greenwood et al. (2020) na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

nagbunyag na ang pakikilahok kabilang ang atensyon, partisipasyon, pagsusumikap sa gawaing akademiko—ay isang positibong tagahula ng kanilang edukasyonal na tagumpay, hindi tuwirang tinalakay sa mga ito ang kaugnayan ng estilo ng pagtuturo ng guro. Bukod dito, wala pang tiyak na pananaliksik na isinagawa sa mayoryang Filipno ng KCAST. Dahil dito, adhikain ng imbestigasyong ito na punan ang kakulangang literatura, partikular sa kaugnayan ng mga baryabol na ito.

**Layunin ng Pananliksik**

Ang pag-aaral na ito ay nalalayong malaman ang antas ng impluwensya ng Estilo ng Guro sa Pagtuturo at Pakikilahok ng mga mag-aaral sa midyur ng Filipino sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

Pinagsumikapang sagutin ng mga mananaliksik ang sumusunod na mga katanungan:

1.Alamin ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo ayon sa:
- 1.1 demokratiko na pagtuturo;
- 1.2 awtorisadong pagtuturo
- 1.3 laissez faire; at
- 1.4 indifferent na pagtuturo

2.Alamin ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ayon sa:
- 2.1 pag-uugali
- 2.2 agentic;
- 2.3 kognitibo; at
- 2.4 emosyonal

3. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng estilo ng pagtuturo ng guro at ng pakikilahok ng mga mag-aaral?

**Haypotesis**

Sa pag-aaral, sinuri ang haypotesis sa antas ng kabuluhang 0.05. Natuklasan na walang mahalagang kaugnayan hinggil sa estilo ng pagtuturo ng guro at pakikilahok ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyong ginamit ay ang non-experimental quantitative sa pamamaraang deskriptibong korelasyonal kung saan sinusukat ng mananaliksik ang dalawang baryabol at sinusuri ang ugnayan sa pagitan nila. Gumamit ng mga adapted questionnaire bilang instrument sa paglikom ng mga datos na kinakailngan ng pananaliksik. Ito ay dahil nilalayon ng pag-aaral na ito na matuklasan ang kaugnayan ng estilo ng guro sa pagtuturo at pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ginagamit ang non-experimental quantitative design kung ang label ang isang di-eksperimentong pag-aaral ay tumutukoy sa isang proseso kung saan ang mananaliksik ay walang kontrol o direktang impluwensya sa mga baryabol o paksa. Sa halip, ginagamit ang interpretasyon, pagmamasid, o pakikipag-ugnayan bilang pangunahing paraan upang makabuo ng konklusyon. Madalas umaasa mga mananaliksik sa pagsusuri ng ugnayan, mga sarbey, o iba pang kaugnay na pag-aaral. Gayunpaman, hindi nito kayang ipakita ang tiyak na kaugnayan ng sanhi at bunga (Bushman, 2018).Ang deskriptib-korelasyunal na pananaliksik ay siyang ginamit na pamamaraan sa pananaliksik na ito upang maipakita ang isang hinuhang relasyon ng dalawang baryabol na kasangkot na mahalaga sa pag-aaral na ito (Calderon, 2000).

**Lokasyon at Respondante ng Pananaliksik**

Ang lugar ng pananaliksik ay nasa Pigura 2. Ang pagsusuri na ito ay inilunsad sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology na matatagpuan sa Quezon St. Maniki, Kapalong, Davao del Norte na may tinatayang populasyon na 76, 334. Ang KCAST ay isang pampublikong kolehiyo na matatagpuan sa lalawigan ng Davao del Norte. Ito ay kasalukuyang mayroong mga kurso sa Teacher Education, Business Administration, Office Administration, Public Administration, Criminology, at Agriculture na inaalok sa ilalim ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act. Ang mga kalahok ng pagsusuri ay mula sa una hanggang ika-apat na taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. Ipinipresenta ng talahanayan sa ibaba ang magiging bilang ng mga tagatugon kung saan sa kadahilanang tiyak lamang ang dami ng mga mag-aaralsilang lahat ang magiging tagatugon sa isasagawang sarbey.

**Instrumento ng Pananaliksik**

May dalawang instrumento para sa pananaliksik na ito. Una ay ang adapted questionnaire mula sa pagsusuri ni (Lopez et. al., 2018) sa malayang baryabol na estilo ng guro sa pagtuturo upang sukatin ang antas ng baryabol na ito. Pangalawa ay ang talatanungan ng di-malayang baryabol na pakikilahok upang malaman ang lebel ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino ng KCAST na isa ring adapted questionnaire mula sa pag-aaral ni (Reeve 2013).

Ang Likert Scale ang ginagamit panukat upang maunawaan ang koneksyon ng estilo ng guro sa pagtuturo at pakikilahok ng mga mag-aaral. Kinakailngan ng indibidwal sa pagsulat ng tsek sa kahon na tugon sa mga bilang ng pag-uugali, bagay at stimulus.

Sa pag-aanalisa sa lebel ng estilo ng guro sa pagtuturo, isinasaad ang mga sumusunod na panukata nag ginamit:

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **4.20-5.00** | Napakataas | Ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo ay laging naipapakita. |
| **3.40-4.10** | Mataas | Ang antas estilo ng guro sa pagtuturo ay madalas naipapakita. |
| **2.60-3.30** | Katamtaman | Ang antas estilo ng guro sa pagtuturo ay minsan lang naipapakita. |
| **1.80-2.50** | Mababa | Ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo ay biihirang naipapakita. |
| **1.00-1.70** | Napakababa | Ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo hindi malimit na naipapakita. |

Sa kabilang banda, para sa pag-aanalisa sa saklaw ng pakikilahok ng mga mag-aaral, ang mga sumusunod na panukat ang ginamit:

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **4.20-5.00** | Napakataas | Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay laging naipapakita. |
| **3.40-4.10** | Mataas | Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay madalas naipapakita. |
| **2.60-3.30** | Katamtaman | Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay minsan lang naipapakita. |
| **1.80-2.50** | Mababa | Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay biihirang naipapakita. |
| **1.00-1.70** | Napakababa | Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral hindi malimit na naipapakita. |

**Pangongolekta ng Datos**
Sa pagkokolekta ng datos, ang mananaliksik ay gagawin ang sumusunod na mga hakbang:

**Paghingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral**. Ang mananaliksik ay gumawa ng isang pahintulot. Ang una ay para sa College of the President ng institusyon upang malaman ang populasyon ng BSEd Filipino 1 - 4 na taon, pangalawa ay para sa College of the President (thru Vice President for Academic Affairs) upang makahingi ng permiso na magsagawa ng pag-aaral sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edaksyon Mayoryang Filipino sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

**Paggawa at Pagpapatibay ng Talatanungan**. Ang tagapag-aral ay gumawa ng talatanungan na nakabase sa mga indikeytor ng dalawang baryabol ng pananaliksik na ito. Pagkatapos ay isusumite ito sa tagapayo at panel upang mapagtibay nang husto.

**Pamamahagi at Koleksyon ng Talatanungan**. Kapag inaprubahan ng College of the President ang pahintulot na magsagawa ng pananaliksik, ang mananaliksik ay birtwal na ipamamahagi ang instrument ng pananaliksik. Sa tulong ng College of the President, tiyak na maayos na maipamamahagi ang talanungan sa mga mag-aaral.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos**. Sa pagkakataong ito, ang instrumento ng pananaliksik ay ginamit upang kolektahin at itala ang mga datos. Pagkatapos ay ibinigay ito sa statistician upang makuha ang resulta ng talatanungan.

**Statistical Tool**
Sa imbestigasyon ng nalikom na datos, ginamit ang mga sumusunod na istadiska:

**Mean**. Ginamit upang alamin ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng natamong iskor batay sa mga katanungan ng mga mananaliksik.

**Pearson r**. Ginamit upang masuri at mapatibay ang koneksyon ng estilo ng pagtuturo ng guro at ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1: Antas Ng Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo Ayon Sa Demokratikong Pagtuturo***

| Demokratikong pagtuturo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang aking guro ay laging nagtatanong ng aking opinyon bago siya gumawa ng anumang mga desisyon o mga patakaran. | 3.90 | Mataas |
| 2. Nirerespeto ng guro ang personal kong buhay. | 4.58 | Napakataas |
| 3. Hinihikayat ako ng aking guro na tapusin ang aking trabaho nang ako lang. | 4.13 | Mataas |
| 4. Tinatanggap ng guro ang aking mga opinyon. | 4.38 | Napakataas |
| 5. Sa hindi sinasadyang pagkakataon kapag nagkakamali ako, pinapatawad ako ng guro at binibigyan ako ng pagkakataong ayusin ito. | 4.35 | Napakataas |
| **Kabuoan** | **4.27** | **Napakataas** |

***Talahanayan 2: Antas Ng Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo Ayon Sa Awtorisadong Pagtuturo***

| Awtorisadong pagtuturo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Hindi ako pinapahintulutan na ipahayag ang aking mga personal na pananaw nang malaya. | 2.56 | Mababa |
| 2. Pinili ko na huwag nalang ipahayag ang aking mga iniisip kapag ang aking guro ay may istriktong ekspresyon sa mukha. | 3.10 | Katamtaman |
| 3. Mas pinahahalagahan ng aking guro ang kanyang awtoridad. | 3.12 | Katamtaman |
| 4. Bihirang sinusuportahan ng guro ang aking mga pananaw | 2.88 | Katamtaman |
| 5. Ginagamit ng guro ang mga alituntunin at regulasyon ng paaralan upang higpitan at limitahan ang aking pag-uugali. | 3.27 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | **2.99** | **Katamtaman** |

***Talahanayan 3: Antas Ng Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo Ayon Sa Laissez Faire na Pagtuturo***

| Laissez faire na pagtuturo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang aking guro ay hindi dumidisiplina sa mga estudyante. | 2.29 | Mababa |
| 2. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin sapagkat madalas na binabago ng aking guro ang kanyang pasya pagkatapos makabuo ng desisyon. | 2.60 | Mababa |
| 3. Ang aking guro ay dumaan na lang basta sa likuran ko nang walang pahintulot sa akin. | 2.42 | Mababa |
| 4. Pinapaliwanag sa akin at tinutulungan ako ng aking guro upang lubos na maunawaan ko ang araling-bahay kapag nahihirapan akong sagutin ito. | 3.79 | Mababa |
| 5. Ang aking guro ay nakikinig sa akin nang matiyaga kapag nilalapitan ko siya at itinatanong sa kanya ang tungkol sa kanyang mga katanungan. | 3.88 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.00** | **Katamtaman** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahayanan 4: Antas Ng Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo Ayon Sa Indifferent na Pagtuturo*

| Indifferent na pagtuturo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang aking guro ay nakikipag-usap sa akin tungkol sa aking pang-araw-araw na buhay kapag hindi oras ng klase. | 2.97 | Katamtaman |
| 2. Pinapasali ako ng aking guro sa mga gawaing ekstrakurikular na paglalaro. | 3.41 | Katamtaman |
| 3. Ang aking guro ang unang taong nilalapitan ko kapag nararamdaman kong nagkakamali ako. | 3.30 | Katamtaman |
| 4. Talagang nagmamalasakit ang guro ko tungkol sa akin. | 3.28 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | **3.24** | **Katamtaman** |

*Talahanayan 5: Kabuohan ng Antas Ng Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo*

| Indikeytors | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Demokratikong Pagtuturo | 4.27 | Napakataas |
| Awtorisadong Pagtuturo | 2.99 | Katamtaman |
| Laissez Faire Na Pagtuturo | 3.00 | Katamtaman |
| Indifferent Na Pagtuturo | 3.24 | Katamtaman |
| **Kabuoan** | **3.37** | **Katamtaman** |

**Antas ng Estilo ng Guro sa Pagtuturo.** Ang pangkalahatang estilo ng guro sa pagtuturo ng mga piniling respondente ay inilalarawan na katamtaman sa kabuoang resulta mula sa apat na indikeytor: demokratikong pagtuturo, awtorisadong pagtuturo, indifferent na pagtuturo, at laissez faire na pagtuturo. Naipapakita ang estilo ng guro sa pagtuturo ng mga mag-aral sa BSEd Filipino ng KCAST ay nagkamit ng katamtaman na mean score. Inilaalarawan na ang saklaw ng estilo ng guro sa pagtuturo ay minsan lang nailalahad, at ang kooperatibong pagkatuto ay katamtaman. Ito ay bunga na batid ng mga respondente ang tunguhin nila sa estilo ng guro sa pagtuturo sa klase upang matuto.

Ito ay maiuugnay sa isinagawa nina Chetty et al., (2019) na kung saan kanilang inilahad na ang bawat tao ay natututo paraan gamit ang iba iba na estilo pagtuturo sa pag-aaral, ngunit hindi palaging iniuugma ang materyal at mga karanasan ng mga mag-aaral sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapakita rin na ang mga paraan ng pagtuturo ng mga guro ay nagbibigay ng epekto sa academic performance ng mga mag-aaral.

Umayon ito sa pagsusuri ni Ramdani (2021) na ang mga tagapagturo ay aktibong hinihikayat na makilahok sa aktibidad, na maaaring magdulot ng positibong epekto sa kanilang holistikong pag-unlad at social skills na sinuportahan niya na ang pagbibigay ng sigla at pagmumotivate ng pag-aaral ng bawat indibidwal.

Nakasuporta ang pag-aaral ni Barni et al. (2018) ipinaliwanag na ang mga guro ay mahalagang ahente ng sosyalisasyon at halaga ng tagapagturo ang nagtutulak sa layunin at inaasahang mga kilos. Ang mga pakay at kilos ng mga guro ay pangunahing nakaka-impluwensya din sa motivation ng mga mag-aaral sa pagtatagumpay at sa kanilang pag-aaral. Ang pinakamalakas na bahagi ay sa halip na magbigay ng karagdagang kaalaman sa mga personal na katangian ng guro na kaugnay sa pangkalahatang estilo ng pamamahala sa silid-aralan.

*Talahanayan 6: Antas Ng Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral Ayon Sa Pag-uugali*

| Pag-uugali | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Kapag ako ay nasa klase, nakikinig ako nang mabuti. | 4.44 | Napakataas |
| 2. Nakikilahok sa klase. | 4.27 | Napakataas |
| 3. Pinagsisikapan kong galingan sa klase. | 4.31 | Napakataas |
| 4. Sa klase, nagsusumikap ako nang husto at ginagawa ang aking makakaya. | 4.42 | Napakataas |
| 5. Kapag ako ay nasa klase, ako ay sumasali sa mga talakayan. | 4.22 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.33** | **Napakataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 7: Antas Ng Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral Ayon Sa Agentic*

| Agentic | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sa panahon ng klase, ipinapahayag ko ang aking mga nais at opinyon. | 3.92 | Mataas |
| 2. Sa klase, ako'y nagtatanong upang makatulong sa aking pag-aaral at matuto. | 4.09 | Mataas |
| 3. Kapag kailangan ko ng isang bagay sa klase, tatanungin ko ang aking guro para rito. | 3.97 | Mataas |
| 4. Binabago ko ang anumang aming pinag-aaralan upang ako'y matuto nang higit pa. | 3.80 | Mataas |
| 5. Sinusubukan kong gawing kawili-wili hangga't maaari ang anumang natututuhan naming | 4.02 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.96** | **Mataas** |

*Talahanayan 8: Antas Ng Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral Ayon Sa Kognitibo*

| Kognitibo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Kapag nag-aaral ako para sa klaseng ito, sinisikap kong ikonekta ang aking natututuhan sa sarili kong mga karanasan. | 4.15 | Mataas |
| 2. Sinisikap kong gawing magkatugma at magkaroon ng kahulugan ang lahat ng iba't ibang ideya kapag nag-aaral ako para sa klase na ito. | 4.15 | Mataas |
| 3. Kapag gumagawa ng trabaho para sa klase na ito, sinisikap kong iugnay ang natututuhan ko sa alam ko na. | 4.15 | Mataas |
| 4. Gumagawa ako ng sarili kong mga halimbawa para tulungan akong maunawaan ang mahahalagang konseptong pinag-aaralan ko para sa klaseng ito. | 4.17 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.15** | **Mataas** |

***Talahanayan 9:*** *Antas Ng Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral Ayon Sa Emosyonal*

| Emosyonal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nagiging interesado kapag may gawain. | 4.20 | Mataas |
| 2. Nasisiyahan sa klase. | 4.28 | Pinakamataas |
| 3. Nasisiyahang matuto ng mga bagong bagay sa klase na ito. | 4.32 | Pinakamataas |
| 4. Kapag nasa klase ako, payapa ang aking pakiramdam. | 4.09 | Mataas |
| 5. Kapag may ginagawa kami sa klaseng ito, aktibong nakikisali sa mga gawain. | 4.20 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.22** | **Mataas** |

**Ang Antas ng Pakikilahok ng mga mag-aaral.** Sa nakuhang datos, ang pangkalahatang pakikisangkot ng mga piniling respondente, inilalarawan na mataas sa kabuoang resulta mula sa apat na indikeytor: pag-uugali, agentic, kognitibo at emosyonal. Naipamalas na ang pakikilahok ng mga mag-aral sa BSEd filipino ng KCAST ay nakakuha ng mataas na mean score. Inilalarawan ang kooperatibong pagkatuto ay palagi na naipapakita. Nagbibigay ito ng pagpapakahulugan na batid ng respondente ang tunguhin nila sa pakikilahok sa klase upang matuto.

Nakasuporta rito ang imbestigasyon ni Freeman et al. (2019) kanilang nakalap na ang mga aktibong estratehiya sa pagkatuto, tulad ng mga talakayang panggrupo, praktikal na gawain, at kolaboratibong proyekto, ay napatunayang nagpapahusay sa pagkakasangkot ng mga estudyante. Ang mga pamamaraang ito ay inilipat ang pokus mula sa pagtuturo na pinangungunahan ng guro patungo sa pagkatuto na nakasentro sa estudyante, na nagtataguyod ng mas malaking pagkakasangkot at mas malalim na pag-iisp. Isa pa niyang nakalap na ang mga aktibong estratehiya, tulad ng mga talakayang panggrupo, praktikal na gawain, at kolaboratibong proyekto, ay napatunayang nagpapahusay sa pagkakasangkot ng mga estudyante. Ang mga pamamaraang ito ay inilipat ang pokus mula sa pagtuturo na pinangungunahan ng guro patungo sa pagkatuto na nakasentro sa estudyante, na nagtataguyod ng mas malaking pagkakasangkot at mas malalim na pag-unawa.

Dagdag pa rito, isang pag-aaral ni Roorda et al. (2018) ang nakasuporta kung saan ang positibo at suportadong relasyon ng mga guro at estudyante ay mahalaga para sa pagkakasangkot ng mga estudyante. Ipinapakita na kapag nararamdaman ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

estudyante na pinahahalagahan at nauunawaan sila ng kanilang mga guro, tumataas ang kanilang antas ng pagkakasangkot. Ang mga guro na nagpapakita ng empatiya, respeto, at tunay na interes sa kapakanan ng kanilang mga estudyante ay maaaring magpataas nang malaki sa emosyonal at asal na pagkakasangkot.

Nakasuporta dito sina Fredricks et al. (2018) isinaad nila na ang pakikilahok ay sumusuporta rin sa panlipunan at emosyonal na kaunlaran. Ang mga estudyanteng aktibong nakikilahok ay madalas na nakakabuo ng mas mabuti na relasyon sa kapwa estudyante at guro, na nagpapahusay sa kasanayang panlipunan at emosyonal na kalusugan.

***Talahanayan 10: Makabuluhang-Ugnayan Sa Pagitan ng Estilo Ng Pagtuturo ng Guro at Pakikilahok ng mga mag-aaral.***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Estilo Ng Pagtuturo | 3.37 | .244 | **.001** | **$H_o$ Rejected** |
| Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral | 4.17 | | | |

**Ugnayan sa Pagitan ng Estilo ng Guro sa Pagtuturo sa Pakikilahok**. Makikita sa resulta na ang ugnayan ng dalawang baryabol mula sa inilahad na kabanata ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang ugnayan ang estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral na kabilang sa BSEd Filipino ng KCAST. Base na rin sa naging resulta na kung saan ang natamong r-value at ang p-value. Nakabatay rin ito sa kabuoang mean ng dalawang baryabol na inilarawan bilang “katamtaman” at “mataas” ang kanilang estilo sa pagtuturo pakikilahok ngunit nakakuha parin ng rejected decision. Ipinakita rin sa naging resulta na walang ganap na relasyon ang mga indikeytor na ginamit sa dalawang baryabol, na nagpapahiwatig na walang makabuluhang ugnayan ito sa antas ng estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Samakatuwid, walang impluwensya ang estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

## KONKLUSYON

Batay sa nakalap na impormasyon mula sa tugon ng mga mag-aaral sa KCAST, ang estilo ng guro sa pagtuturo ay kanilang sinang-ayunan ayon sa kanilang demokratikong pagtuturo, awtorisadong pagtuturo, indifferent na pagtuturo at laissez faire na pagtuturo na nagpamalas sa kanilang kasanayan na matugunan ang gawaing may kaugnayan sa pakikisangkot. Ito ay nagpapakita ng katamtaman na antas ng estilo ng guro sa pagtuturo ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, ang pakikilahok ay kanilang sinang-ayunan na tumugon sa kanilang pakikilahok sa pag-uugali, agentic, kognitibo at emosyonal. Nagpapakita ng mataas na antas ng pakikilahok bilang mga mag-aaral.

Sa pagpapakahulugan, ang estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok ay nagpapakita na may makabuluhang koneksyon ang dalawang baryabol sa pagnanais na matamo ang estilo ng guro sa pagtuturo sa pakikipag-ugnayan. Ito rin ay naglalantad ng sapat na impormasyong naisiwalat na ang malayang baryabol na estilo ng guro sa pagtuturo ay may malaking impluwensya sa di-malayang baryabol napakikilahok ng mga mag-aaral. Samakatuwid, nagpapakita na may kaugnayan at positibong resulta na nabibigyang-patunay sa mga naunang pananaliksik at teoryang inilahad ng mananaliksik.

## TALASANGUNIAN

1. *Abid, N., & Akhtar, M. (2020). Relationship between academic engagement and academic achievement: an empirical evidence of secondary school students. Journal of Educational Research, 23(1), 48*
2. *Barni, D., Russo, C., & Danioni, F. (2018). Teachers’ values as predictors of classroom management styles: A relative weight analysis. Frontiers in Psychology, 9, 1970.*
3. *Chetty, N. D. S., Handayani, L., Sahabudin, N. A., Ali, Z., Hamzah, N., Rahman, N. S. A., & Kasim, S. (2019). Learning Styles and Teaching Styles Determine Students' Academic Performances. International Journal of Evaluation and Research in Education, 8(4), 610-615.*
4. *Freeman, S., Eddy, S. L., McDonough, M., Smith, M. K., Okoroafor, N., Jordt, H., & Wenderoth, M. P. (2019). Active learning increases student performance in science, engineering, and mathematics. Proceedings of the National Academy of Sciences, 111(23), 8410-8415*
5. *Fuertes, Harvey & Jr, Israel & Marcellones, Ivan & Bacatan, Jovenil. (2023). STUDENT ENGAGEMENT, ACADEMIC MOTIVATION, AND ACADEMIC PERFORMANCE OF INTERMEDIATE-LEVEL STUDENTS. 10. 133-149. 10.5281/zenodo.8037103.*
6. *Lopez, J. (2018). ESTILO NG PAGTUTURO NG MGA GURO AT ANG AKTIBONG MOTIBASYON NG MGA MAG-AARAL. KeyHttps://www.academia.edu/44377640/ESTILO_NG_PAGTUTURO_NG_MGA_GURO_AT_ANG_AKTIBONG_MOTIBASYON_NG_MGA_MAG_AARAL*
7. *Ramdani, A., Jufri, A. W., Gunawan, G., Fahrurrozi, M., & Yustiqvar, M. (2021). Analysis of Students’Critical Thinking Skills in terms of Gender Using Science Teaching Materials Based on The 5E Learning Cycle Integrated with Local Wisdom. Jurnal Pendidikan IPA*
8. *Reeve, J., & Shin, S. H. (2020). How teachers can support students’ agentic engagement. Theory Into Practice, 59(2), 150–161. https://doi.org/10.1080/00405841.2019.1702451*
9. *Roorda, D. L., Koomen, H. M. Y., Spilt, J. L., & Oort, F. J. (2018). The influence of affective teacher–student relationshipson students’ school engagement and achievement: A meta-analytic approach. Review of Educational Research, 81(4), 493-529.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

10. *Sutherland, K. A., Forsyth, R., & Felten, P. (2024). Expressions of Trust: How University STEM Teachers Describe the Role of Trust in their Teaching. Teaching & Learning Inquiry the ISSOTL Journal, 12. https://doi.org/10.20343/teachlearninqu.12.22*
11. *Terrenghi, I., Diana, B., Zurloni, V., Rivoltella, P. C., Elia, M., Balcells, M. C., Camerino, O., & Anguera, M. T. (2019). Episode of Situated Learning to Enhance Student engagement and Promote Deep Learning: Preliminary results in a high school classroom. Frontiers in Psychology, 10.https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.01415TheCorsini encyclopedia of psychology (4th ed.). John Wiley & Sons.*